

**ABISO NG SAN DIEGO COUNTY CONSORTIUM TUNGKOL SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG  
AT ABISO TUNGKOL SA AVAILABILITY**

**CONSORTIUM NG COUNTY NG SAN DIEGO  
TAUNANG PLANO PARA SA 2023-24**

**PONDO PARA SA PROGRAMANG COMMUNITY DEVELOPMENT BLOCK GRANT (CDBG),  
HOME INVESTMENT PARTNERSHIPS (HOME), EMERGENCY SOLUTIONS GRANT (ESG),  
AT HOUSING OPPORTUNITIES FOR PERSONS WITH AIDS (HOPWA)**

Ibinibigay ang Abisong ito para sabihin na magsasagawa ang Board of Supervisors ng pampublikong pagdinig sa Abril 4, 2023, nang 9:00 a.m. sa Room 310 sa County Administration Center, 1600 Pacific Highway, San Diego, CA, para isaalang-alang ang Taunang Plano para sa Taon ng Pananalapi na 2023-24. Isasaalang-alang ng Board ang iminungkahing paggamit ng tinatanyang: \$4,210,628 sa pondo ng Community Development Block Grant (CDBG); \$3,575,146 sa pondo ng HOME Investment Partnership (HOME); \$369,509 sa pondo ng Emergency Solutions Grant (ESG); at \$5,619,991 sa pondo ng Housing Opportunities for Persons with HIV/AIDS (HOPWA) na matatanggap ng County mula sa Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod ng Estados Unidos (Department of Housing and Urban Development, HUD). Isasaalang-alang din ng Board ang iminungkahing paggamit ng \$4,045,000 sa mga kita ng CDBG, HOME, at HOPWA para sa Taon ng Pananalapi na 2022-23 at ang muling paglalaan ng tinatanyang \$12,400,000 sa mga entitlement ng HOME, ESG, CDBG at HOPWA sa mga nakaraang taon. Ang mga bilang na ito ay batay sa mga antas ng pagpopondo sa nakaraang taon.

Inilalarawan ng Taunang Plano ang mga iminungkahing aktibidad na popondohan mula sa Taon ng Pananalapi na 2023-24 at mga entitlement noong nakaraang taon, na nakakatugon sa mga layuning itinatag sa Pinag-isang Plano para sa 2020-24.

Ang programang CDBG ay nagbibigay ng pondo sa unincorporated area ng County at mga lungsod ng Coronado, Del Mar, Imperial Beach, Lemon Grove, Poway, at Solana Beach. Ang mga pondo ng CDBG ay dapat: (1) mapakinabangan ng mga taong may mas mababang kita; (2) pigilan/alisin ang mga abandonadong lugar; o (3) tugunan ang mga pangangailangan sa pagpapaunlad ng komunidad na nangangailangan ng agarang pansin. Pinopondohan ng programang HOME ang mga aktibidad ng abot-kayang pabahay sa loob ng HOME Consortium ng County. Kasama sa HOME Consortium ang mga area ng CDBG, at mga lungsod ng Carlsbad, Encinitas, La Mesa, San Marcos, Santee, at Vista. Pinopondohan ng programang ESG ang tulong sa walang tirahan sa mga area ng CDBG, at pinopondohan ng programang HOPWA ang pabahay/mga serbisyo para sa mga taong may HIV/AIDS at ang kanilang mga pamilya sa buong San Diego County.

Masusuri at makokomentuhan ng publiko ang mga kopya ng mga draft na Plano, sa 30 araw na panahon ng pagbibigay ng komento mula Marso 3, 2023 hanggang Abril 4, 2023, sa website ng County sa [www.sdhcd.com](http://www.sdhcd.com). Ang mga taong nangangailangan ng tulong para lumahok sa mga pulong (halimbawa: hindi nagsasalita ng Ingles, may kapansanan sa pandinig, atbp.) ay dapat abisuhan ang HCDS limang araw bago ang pulong. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa (858) 694-8724. Para sa tulong sa may kapansanan sa pandinig, mangyaring tumawag sa (866) 945-2207.